# Gamot vs Leptospirosis, libre sa QC-VM Joy B

Dahil ang Quezon City ang may pinakamataas na bilang ng mga taong tinamaan ng leptospirosis sa Metro Manila ngayon, iginiit ni QC Vice Mayor Joy Belmonte na libre ang konsultasyon at gamot sa mga health center para sa mga pasyenteng nagpapakita ng sintomas ng naturang sakit.

"Gusto ko kayong payuhan na kapag may baha, huwag po kayong maglalakad sa tubig-baha na may sugat sa paa. Maaari kayong magkaroon ng leptospirosis, having said that, kung kayo ay nakatapak na o nakapunta na sa tubig baha dahil hindi maiwasan at may sugat sa paa, dumiretso po kayo sa health center natin," pahayag ni Belmonte.

Ayon naman kay City Health Department chief Verdades P. Linga, may libreng antibiotics na maaaring ibigay sa mga pasyenteng magpapakita ng mga sintomas ng leptospirosis.

Binanggit pa ni VM Joy nito na bukas ang kanyang opisina upang dinggin ang hinaing ng mga residente ukol sa mga usong sakit ngayong panahon ng tag-ulan partikular ang leptospirosis.

Kamakailan ay nagdeklara ang DOH ng leptospirosis outbreak sa 29 na barangay sa Metro Manila at ang QC ang may pinakamaraming bilang ng kaso na naitala na umaabot sa 201 kaso. *(Angie dela Cruz)*